

2021 Alaska Youth Risk Behavior Survey

Form ng Pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga

Ang Anchorage School District ay lumalahok sa Alaska Youth Risk Behavior Survey (YRBS). Ang survey ay itinataguyod ng Alaska Department of Health and Social Services. Magsisimula ito sa pagitan ng Enero-Marso 2021.

Ang YRBS ay isang di papangalanang survey na isinasagawa sa mga high school sa buong Alaska at Estados Unidos. Sasagutan ng mga estudyante ang survey sa papel o nang electronic. Binuo ng U.S. Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ang survey para mangalap ng impormasyon tungkol sa mga asal na nauugnay sa kalusugan at kabutihan ng mga estudyante. Ang mga resulta ng survey ay gagamitin para malaman at matugunan ang mga alalahanin sa kalusugan ng mga tinedyer sa Alaska. Ang mga distrito ng paaralan at mga samahan ng pamayanan ay ginagamit ang mga resulta ng YRBS para tukuyin ang mga lumilitaw na mga isyu sa kalusugan at subaybayan ang mga pagbabago sa mga asal sa kalusugan ng pangkalahatang populasyon ng tinedyer sa Alaska sa paglipas ng panahon. Ang mga resulta ay makatutulong din sa mga distrito ng paaralan at sa ibang mga samahan na lumikha at makakuha ng pondo para sa mga programa sa kabataan.

Pagkatapos masuri ang mga resulta, ibibigay ang mga ulat sa mga distrito ng paaralan. Ang mga distrito ng paaralan ay binibigyan ng 30 araw upang suriin ang mga resulta. Pagkatapos ng pagsusuri, ang mga resulta ay ibinabahagi sa publiko kapag hiniling. Ang mga resulta sa survey para sa mga indibidwal na estudyante ay **hindi** kailanman tutukuyin, susuriin o, iulat.

Ang survey ay ibinibigay sa paraan na protektahan ang pagiging pribado ng inyong anak. Hindi ilalagay ng mga estudyante ang kanilang mga pangalan o iba pang makapagpapakilalang impormasyon sa survey. Pinahihintulutan ang mga estudyante na laktawan ang anumang mga katanungan na ayaw nilang sagutan. Ang lahat ng sagot ng estudyante ay mananatiling hindi papangalanan. Ang indibidwal na mga sagot ng estudyante ay hindi kailanman pag-aralan o ibahagi sa iba. Ang mga resulta mula sa survey ay inuulat lamang nang pinagsam-sama, halimbawa, batay sa distrito ng paaralan o borough/lugar ng census.

Papayagan ka ng link sa ibaba na suriin ang mga katanungan sa 2021 YRBS Survey, tingnan ang mga madalas na katanungan at suriin ang mga resulta ng 2021 YRBS.

yrbs.dhss.alaska.gov

Nais naming lumahok ang lahat ng napiling estudyante upang matiyak ang makabuluhang resulta ng survey. Kayo ang magpapasya kung pasasalihin ang inyong estudyante. Ang inyong nakasulat na pagpayag ay **kailangan** para makalahok ang inyong estudyante. Walang magiging aksyon laban sa inyo o sa inyong estudyante kung hindi siya sasali.

Pakibasa ang seksyon sa ibaba. Tsekan ang naaangkop na kahon at ibalik ang form sa paaralan ng inyong estudyante. Kung may mga tanong kayo, mangyaring makipag-ugnay sa Alaska YRBS Statewide Coordinator na si Gina Agron sa (907)-269-8030. gina.agron@alaska.gov / <http://yrbs.dhss.alaska.gov>

2021 Survey sa Asal sa Peligro ng Kabataan sa Alaska

OO, maaaring sumali ang aking estudyante sa survey.

HINDI, hindi maaaring sumali ang aking estuyante sa survey.

Pangalan ng Estudyante: _____ Grado: _____

Pirma ng Magulang/Tagapag-alaga: _____ Petsa: _____